# BAITANG 8

## PAMANTAYAN PARA SA IKAWALONG BAITANG

Pagkatapos ng **Ikawalong Baitang**, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo at nauunawaan at nasusuri ang Obra Maestrang **Florante at Laura**, mga tekstong nasusulat tulad ng panitikan sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Hapon gayundin ang mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal na gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika tungo sa pagpapahalaga ng sariling kalinangan.

## BAITANG 8 – UNANG MARKAHAN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay sa pamamagitan ng animasyon sa napiling platform na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan) |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>**Mga Akda sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan**<br>• Tula<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tono, tugma, at talinghaga) ng tula<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon<br>• Sanaysay<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (paksa, anyo, kaisipan, damdamin, himig at estilo) at detalye sa sanaysay<br>(b) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng sanaysay batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(c) Nasusuri ang mahahalagang kaisipan sa sanaysay batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>(d) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (anyo, damdamin, himig at wika ) ng sanaysay<br>(e) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa sanaysay batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademik** |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | • **Mga kasanayang pang-akademik** (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br><br>• **Mga tekstong persweysib** (gaya ng adbertisment, sanaysay, talumpati, editoryal at rebyu ng aklat)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>(b) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (pagtukoy sa ideya, paglalarawan ng sipi, paggalugad sa iba pang detalye, pag-aanalisa, at pagtataya ng mga mapanghikayat na salita at pahayag)<br>(c) Naibabalangkas ang mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto<br>(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| | **Nasusuri ang tekstong persweysib batay sa estruktura nito (punto, ebidensya, at analisis)** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)<br><br>**Mga elemento ng tekstong biswal**<br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at persweysib) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (gaya ng *video* o animasyon)**<br>(a) Nakapipili ng sanaysay tungkol sa Kalinangang Pilipino mula sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Himagsikan<br>(b) Nakapagtatala ng mga detalye tungkol sa binasang sanaysay |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (c) Nakabubuo ng borador ng sanaysay na may paglalapat ng mga elementong biswal sa ilustrasyon na gagamitin sa video o animasyon |
| | **Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng sanaysay sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (pag-uulat), at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 8 – IKALAWANG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng panimulang paglalapat sa nilalaman ng sanaysay sa pamamagitan ng video o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Pananakop ng Estados Unidos kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br><br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos) |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos**<br>• Mga dulang makabayan<br>• Mga rehiyonal na akdang pampanitikan<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>(b) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | karanasan ng tao<br>(c) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>(d) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(e) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga, at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br><br>• **Mga kasanayang pang-akademik** (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br><br>• **Mga tekstong persweysib** (gaya ng adbertisment, sanaysay, talumpati, editoryal at rebyu ng aklat)<br><br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>(b) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (pagtukoy sa ideya, paglalarawan ng sipi, paggalugad sa iba pang detalye, pag-aanalisa, at pagtataya ng mga mapanghikayat na salita at pahayag)<br>(c) Naibabalangkas ang mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto<br>(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| | **Nasusuri ang tekstong persweysib batay sa estruktura nito (punto, ebidensya, at analisis)** |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)<br><br>**Mga elemento ng tekstong biswal na *video* o animasyon**<br><br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at persweysib) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (gaya ng *video* o animasyon)**<br>(a) Nakabubuo ng karagdagang detalye tungkol sa Kalinang Pilipino sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos para sa borador ng sanaysay<br>(b) Nakasusulat ng panimulang iskrip batay sa haba at *frame* ng gagawing *video* o animasyon<br>(c) Nakapagpaplano ng *visual representation* at *audio* na gagamitin sa *video* o animasyon<br>(d) Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption* at *sound* sa *video* o animasyon<br>(e) Nakabubuo ng inisyal na *video* o animasyon ng isang sanaysay |
| | **Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng *video* o animasyon sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (pag-uulat), at etikal na kasanayan at pananagutan** |

**BAITANG 8 – IKATLONG MARKAHAN**

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng pinal na sanaysay sa anyong *video* o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| **SUB-DOMEYN** | **KASANAYANG PAMPAGKATUTO** |
|---|---|
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Pananakop ng Hapon kaugnay ng mga tekstong pampanitikan**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Hapon) |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon**<br>• Tanaga<br>• Haiku<br>• Tanka<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng tula<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon<br><br>• Dula<br>• Maikling kuwento<br><br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, *norms*, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| | **TEKSTONG IMPORMASYONAL** |
| | **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademik**<br><br>• **Mga kasanayang pang-akademik** (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata) |

<table>
<tr><th>SUB-DOMEYN</th><th>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</th></tr>
<tr><td rowspan="2"></td><td>

- **Mga tekstong pampahayagan (editoryal)**

(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto<br>
(b) Naiisa-isa ang mga *platform* at katangian ng mga tekstong pampahayagan<br>
(c) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (gaya ng narinig at direktang sinabi mula sa interbyu, direktang sipi mula sa nabasa, *paraphrasing* sa mga mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto<br>
(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon,estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa, kritisismo, interpretasyon, panghikayat at papuri<br>
(e) Natutukoy ang paraan ng pagtutumbas at/o panghihiram ng salita at pahayag sa teksto</td></tr>
<tr><td>Nasusuri ang tekstong pampahayagan (editoryal) batay sa estruktura at katangian nito</td></tr>
<tr><td>Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal</td><td>Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento

- mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)
- estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)

**Mga elemento ng tekstong biswal na *video* o animasyon**

(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>
(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at persweysib)</td></tr>
<tr><td>Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal</td><td>Nakabubuo ng isang ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong multimodal (gaya ng video o animasyon)<br>
a) Nakabubuo ng karagdagang detalye tungkol sa Kalinang Pilipino sa Panahon ng Pananakop ng Hapon para sa pinal na sanaysay<br>
b) Nailalapat ang mga elemento ng video o animasyon sa pagbuo ng multimodal</td></tr>
</table>

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | c) Nakapagsasagawa ng pinal na pagdisenyo/ pag-aanyo ng *video* o animasyon ng sanaysay batay sa elemento nito |
| | **Naibabahagi ang nilikhang tekstong *multimodal* (sanaysay na nasa anyong *video* o animasyon) sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (pag-uulat), at etikal na kasanayan at pananagutan** |

## BAITANG 8 – IKAAPAT NA MARKAHAN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – **Florante at Laura** para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ang mag-aaral ng *spoken poetry* na nagtatampok sa Apat na Himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng Kalinangang Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | **TEKSTONG PAMPANITIKAN** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Florante at Laura**<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Florante at Laura) |
| | **Nasusuri ang mga kaugnay na impormasyon hinggil sa Obrang Maestra – Florante at Laura**<br>• Talambuhay ng May-akda<br>• Apat na Himagsik ni Balagtas<br>• Kay Selya<br>• Sa Babasa Nito |
| | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>Obra: Florante at Laura<br>• Saknong 1-68<br>• Saknong 69-172<br>• Saknong 173-257<br>• Saknong 258-399 |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| | (a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, na tuon sa tunggalian) at detalye sa Florante at Laura<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing), pagkakahanay ng mga pangyayari (*parallelism and simultaneity*), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Florante at Laura .<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Florante at Laura batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, sosyo-kultural, lunan, at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Florante at Laura (sukat, tugma, talinghaga at estilo)<br>(f) Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Florante at Laura at iba pang awit na nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa<br>(g) Naipahahayag ang sariling saloobin, pananaw at damdamin tungkol sa ilang napapanahong isyu kaugnay ng mga usaping tinalakay sa akda |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Florante at Laura**<br>• mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>• estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora at PWD)<br><br>(a) Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal (gaya ng alegorya sa Florante at Laura: puno ng higuera, mababangis na hayop, gubat na mapanglaw at kasuotan ng mga piling tauhan sa Obra Maestra- Florante at Laura<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Florante at Laura. |
| | |

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng tula para sa pagtatanghal ng isang *spoken word poetry* na nagtatampok sa Apat na Himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng kalinangang Pilipino**<br><br>(a) Nakapipili ng angkop na mga salita<br>(b) Nakasusulat ng borador ng tula para sa *spoken word poetry*<br>(c) Nagagamit ang matalinghagang salita at elemento ng tula sa pagbuo ng *spoken word poetry*<br>(d) Nairerebisa ang piyesa para sa *spoken word poetry*<br>(e) Naisasapinal ang nagawang *spoken word poetry*<br>(f) Nakapaghahanda ng pagtatanghal ng isang *spoken word poetry*<br>(g) Nakapagsasagawa ng pagtatanghal ng isang *spoken word poetry* |
| | **Naibabahagi ang nilikhang tekstong *multimodal ( spoken word poetry )* sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan** |